# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2026년 2월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa mga pangangailangang espiritual at sa Iglesya**

Isang buwan na ang lumipas nang tayo ay gumawa ng mga plano para sa Bagong Taon at nagpanibagong simula. Nagpapatuloy ka ba sa pagsunod sa iyong mga layunin? O ang iyong ipinangakong gagawin ay tumagal lamang ng tatlong araw? Ang pananatiling tapat ay nangangailangan ng pagtitiyaga, pagdidisiplina sa sarili, at higit sa lahat, magtuon ng pansin. Ang pananampalataya ay gumagawa sa parehong paraan. Ang ating pananampalataya ay lumalago habang tayo ay nananalangin at sumusunod sa kalooban ng Diyos sa ating pang-araw-araw na buhay, pagtitiwala sa Kanya sa gitna ng mga walang katiyakang hamon at pagsubok, paghakbang ng dahan-dahan. Sa mundong ito, kailangan nating magpatuloy na lumago sa pamamagitan ng pagdurusa at pagkabigo hanggang sa marating natin ang pagiging ganap ng ating pagkatao ayon sa pagiging-ganap ni Cristo.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1**. Panginoon, nawa ang Precious and Beloved ay maging ilaw na papatay sa kadiliman para sa mga kababaihan sa Albania na naghahanap sa Diyos. (Isa. 9:2)

**2**. Ama, nawa ang Ebanghelyo ay magdala ng kaligtasan sa kabuoan ng Benin, makarating ito sa mga mamamayan at pamunuan sa lahat ng antas upang ang kaharian ng Diyos ay mamuno at maghari doon. (Matt. 28:19)

**3**. Diyos, nawa ay mapalakas ang mga kaloob na spiritual ng mga kababaihan sa Bonaire at maalalayan sila sa mga tungkulin ng pamamahala; nawa ay maging mabuting halimbawa sila sa paglilingkod, kabanalan at pag-ibig. (Rom. 16:1-2)

**4**. Ama, nawa ang puso ng mga Kabataang babae sa Botswana, na dahil sa sakit ng kalooban na kanilang naranasan ay nalulong sa droga at mga mahalay na Gawain, ay lumapit sa Iyo. Gabayan Mo sila at pagkalooban ng biyaya ang kanilang mga magulang sa pagpapalaki sa kanila . (Heb. 4:16)

**5**. Panginoon, nawa ay tanggapin ng mga Iglesya local sa Brazilia ang mga nakakatandang kababaihan at biyuda, masuportahan sa kanilang mga pangangailangan at maisama sa nagkakaisang katawan ni Cristo. (Ps. 68:5)

**6**. Dalangin namin ang mga kababaihan sa Cambodia na nawa ay magkaroon ng matibay na pananampalataya, makilahok sa local na ministeryo at maibahagi ang Ebanghelyo ni Jesus sa mga nakapaligid sa kanila (1 Thess. 2:4)

**7**. Diyos, nawa ay makilala Ka at ang Iyong mensahe ng kaligtasan ng mga Kabataan sa China at sila ay tumalikod mula sa paniniwalang espiritista tungo sa pag-asa at bagong buhay kay Cristo. (Rom. 1:16)

**8.** Pag-isahin Mo nawa ang mga Iglesya sa Denmark upang tumindig na may panibagong pag-ibig at paggalang sa Iyo at sa Iyong Salita. Ama, ibuhos Mo ang Iyong Espiritu ng pagpapanibagong lakas upang ang mga tao dito ay maligtas. (Acts 4:12)

**9**. Panginoon, ang mga kababaihan sa Dominican Republic ay nangangailangan ng karunungan sa Biblia para sa kanilang kaalaman at spiritual na paglago. Magtindig Ka nawa ng makaDiyos, mga sinanay na indibidwal at organisasyon para magturo sa kanila. (2 Tim. 2:2)

**10**. Diyos, Ikaw ang mang-aaliw at tagapanumbalik ng aming kaluluwa. Magdala Ka nawa ng kagalingan at pag-asa sa mga nagdurusang kababaihan sa Ethiopia na nawalan ng anak dahil sa digmaan. (Matt. 5:4)

**11**. Ama, nawa ang mga namumuno sa Iglesya sa Isla ng Faroe ay makapangaral ng katotohanan mula sa Biblia tungkol sa kaligtasan at buhay pagkatapos ng kamatayan, upang maunawaan ng malinaw ng mga tagapakinig kung ano ang sinasabi ng Iyong Salita. (2 Cor. 5:1-7)

**12**. Panginoon, pinupuri Ka namin para sa pagbabagong buhay ng mga Kabataang lalaki sa Finnish gayundin sa kanilang pagpayag na ipamalita ang tungkol kay Jesus sa social media. Nawa ay mangyari din ito sa mga Kabataang babae. (Ps. 85:6)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**13**. Diyos, nawa ang Iyong Espiritu ay magpaalab ng puso ng mga mananampalataya sa Gabon upang mapalakas ang mga mahihina at upang madagdagan ang kanilang pananampalataya sa paglapit sa Iyo sa panalangin. (Isa. 40:29)

**14**. Ama, durugin Mo nawa ang mga pader ng pag-uusig, ang hindi pagpaparaya at ang burokrasya na pumipigil sa mga Iglesya na lumago sa Indonesia; pag-isahin Mo ang Samahan ng mga Cristiano sa pagdadamayan, pagkakasundo at paglilingkod.(Ps. 133:1)

**15**. Panginoon, tulungan Mo nawa ang mga mamamayan sa Japan na makaunawa ng mga katotohanan mula sa Biblia upang hindi nila tanggapin ang mga maling aral at kulto. Palayain Mo ang mga taong nabiktima ng mga kasinungalingang ito. (Matt. 7:13-23)

**16**. Nawa ay mabuksan ang mga mata sa katotohanan ni Jesus ang 590,000 na mga kaluluwa sa South Korea na nalinlang ng kulto at heresiya at sila ay sumunod sa Kanya. (2 Pet. 2:1)

**17**. Diyos, bigyan Mo ng tapang ang mga tagapanguna sa pananampalataya sa Liberia upang sila ay makatindig nang may katapangan laban sa karahasan sa mga kababaihan sa Liberia. Nawa, ang mga nang-aabuso ay magsisi at mabago ang kanilang mga puso. (Ps. 82:4)

**18**. Panginoon, nawa ay lumago ang pananampalataya ng mga Kabataang babae sa Mongolia at sila ay maging spiritual na tagapanguna. Nawa ay dinggin nila ang Iyong tinig, maging malakas upang manguna sa pananampalataya at paliwanagin ang Ilaw ni Jesus. (John 17:17)

**19**. Ama, palakasin Mo at bigyan ng pagdidisipulo at tulong para sa mga maliliit na Iglesya sa Nepal na kulang sa mga pangangailangan, sanay na tagapanguna at pagsasamasama. (Eph. 4:11-13)

**20**. Panginoon, palayain Mo nawa ang mga Iglesya sa Papua New Guinea mula sa takot, sa masamang espiritu at sinkretismo; nawa ay maging matalino sila at maging matapang sa paglakad ayon lamang sa Iyong Espiritu. (James 4:7)

**21**. Ama, nais MO ng pagkakaisa sa katawan ni Cristo. Alisin Mo nawa ang pagkakahati sa mga Kristiano sa Paraguay; nawa ay maglingkod sila bilang iisa upang itatag ang kaharian ng Diyos. (1 Cor. 1:10)

**22**. Diyos, loobin Mo nawang maging malikhain at pagkalooban MO ng matalinong stratehiya ang mga kabataan sa Portugal upang makatulong sa henerasyong ito at nawa ay maging matapat silang halimbawa sa mga nakapaligid sa kanila. (Matt. 20:26-28)

**23**. Panginoon, bigyan Mo ng pagkagutom sa Iyong Salita ang mga kababaihang Romania. Gisingin MO ang kanilang kaloob na spiritual at magdala ka ng bagong kasiglahan sa Iglesya at Lipunan. (1 Pet. 4:10)

**24**. Diyos, tanggalin Mo po ang mga pader na naghihiwalay sa mga denominasyon sa katawan ni Cristo sa Eastern Cape, South Africa. Nawa ang mga Kristiano ay magsumikap na mamuhay nang may pagkakaisa. (Phil. 2:2)

**25**. Ama, gawin Mo po na ang mga kababaihan sa Tanzania ay maging matibay sa kanilang pananampalataya, matatag sa kanilang kaalaman sa Diyos at hindi malilinlang ng mga huwad na propeta na bumabaluktot sa katotohanan. (Col. 2:8)

**26**. Panginoon, patibayin Mo ang mga Iglesya sa mga kanayunan sa Timor-Leste upang madala nila ang Ebanghelyo sa mga liblib na lugar; maging mapag-alaga nawa sila sa mga nangangailangan at magbigay ng pag-asa sa mga nasa kadiliman. (Prov. 19:17)

**27**. Diyos, nawa ay mapahalagahan at masuportahan ng kongregasyon sa Uruguay ang mga kababaihan, hikayatin sila na mamuhay ayon sa pagkatawag ng Diyos sa kanila. Nawa'y maipakita ng simbahan ang mabuting pag-uugali ayon kay Cristo sa mundo. (Phil. 4:3)

**28**. Panginoon, ingatan Mo nawa ang mga mananampalataya sa Vietnam na nagsasamasama ng patago, pagkalooban Mo sila ng kaloob na spiritual, matapang na pagsunod upang magsalita sila ng katotohanan ni Cristo sa madilim na lugar at makaya nilang tiisin ang mga pagdurusa. (Matt. 5:10)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**